

## Pananaw ng mga Mag-aaral na Nagpapakadalubhasa sa Wika sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao sa Paggamit ng *Code-Switching* sa Akademikong Diskurso

Arnieza A. Arpa<sup>1</sup>, Annalee S. Mangenya<sup>2</sup>, Farisha T. Ladjahali<sup>3</sup>  
Vilma L. Pahulaya<sup>4</sup>, Felixberto C. Labastilla<sup>5</sup>

<sup>1,2, &3</sup>(College of Teacher Education, Western Mindanao State University)

<sup>4&5</sup>(College of Liberal Arts, Western Mindanao State University)

**ABSTRACT:** Code-switching, or the alternation of languages within a conversation, is a common phenomenon in multilingual communities. In the context of the Philippines, it is often used by students and teachers in academic discourse as a tool for expression and deepening understanding. This research aims to determine the perspectives of students specializing in languages at the Western Mindanao State University regarding the use of code-switching in academic discourse. The descriptive research design, specifically the "Descriptive Survey Research Design," was used to gather data from forty (40) participants, consisting of twenty (20) students from the Bachelor of Secondary Education specializing in Filipino and twenty (20) specializing in English. The study focuses on determining the frequency of code-switching usage and the students' perspectives on it, as well as analyzing significant differences based on their major and gender. According to the findings, code-switching is considered an important tool in facilitating communication and deepening understanding in academic discourse. The implications of code-switching on their ability to engage in modernization while maintaining their cultural identity have also been identified. The research provided important recommendations for improving teaching, particularly in multilingual contexts, and serves as a foundation for future studies in the field of language and education.

**KEYWORDS :** *Code-switching, Education, English, Filipino, Language*

**ABSTRAK:** Ang code-switching, o ang pagpapalit-palit ng wika sa loob ng isang pag-uusap, ay isang karaniwang phenomenon sa mga multilinggwal na komunidad. Sa Pilipinas, madalas na ginagamit ito ng mga mag-aaral at guro sa akademikong diskurso upang mapadali ang pagpapahayag at pagpapalalim ng pag-unawa. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tukuyin ang pananaw ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao hinggil sa paggamit ng code-switching sa akademikong diskurso. Ginamit ang "Descriptive Survey Research Design" upang makalap ang datos mula sa apatnapung (40) kalahok na binubuo ng dalawampung (20) mag-aaral mula sa Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon na nagpapakadalubhasa sa Filipino at dalawampung (20) nagpapakadalubhasa sa Ingles. Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagtukoy sa dalas ng paggamit ng code-switching at pananaw ng mga mag-aaral dito, pati na ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba batay sa kanilang major at kasarian. Ayon sa mga natuklasan, itinuturing na mahalaga ang code-switching sa pagpapadali ng komunikasyon at pagpapalalim ng pag-unawa sa akademikong diskurso. Natukoy rin ang mga implikasyon nito sa kakayahang makibahagi sa modernisasyon habang pinapanatili ang kultural na pagkakakilanlan. Nagbigay ang pananaliksik ng rekomendasyon para sa pagpapabuti ng pagtuturo sa multilingual na konteksto at nagsisilbing batayan para sa mga susunod pang pag-aaral sa larangan ng wika at edukasyon.

### I. PANIMULA

Sa pag-unlad ng lipunan, lalong naging mahalaga ang kakayahan sa paggamit at pag-unawa sa iba't ibang wika. Sa konteksto ng edukasyon, ang paggamit ng wika ay isang mahalagang bahagi ng akademikong diskurso at pagkatuto. Sa kasalukuyang panahon, ang pag-aaral ng wika at kultura ay patuloy na napagtutuunan ng pansin, lalo na sa konteksto ng akademikong diskurso. Ayon kay [1] Arceo at Cruz et al. (2013), isa sa mga mahalagang aspeto ng wika sa kasalukuyang lipunan ay ang paggamit ng *code-switching*, na naglalarawan sa proseso ng pagsasalita ng dalawa o higit pang wika sa isang diskurso.

Ayon kay [2] Hamid (2016) ang *code-switching* ay isang alternatibong paggamit ng dalawa o higit pang wika sa iisang pagpapahayag o pag-uusap sa isang usaping bilingual o multilinggwal. Ito ay maaaring bigyang kahulugan bilang isang mapagkukunan para sa mga batang bilingual o multilingual upang maisakatuparan ang mga tiyak na layunin nila sa komunikasyon. Nabanggit rin ni [3] Estrellanes (2018) na ang mga pangyayaring ito ay nagaganap dahil sa patuloy na paglaki ng interes at pagnanais ng karamihan ng mga Pilipino na magkaroon ng kaalaman sa wikang Ingles. Marahil, isa sa mga salik dito ang pagdami ng mga negosyante at turista na bumibisita sa ating bansa, kaya't marami ang nakararanas ng pangangailangang matuto ng ibang wika. Batay sa pag-aaral nina [1] Arceo at Cruz et al. (2013), natuklasan na ang *code-switching* ay nagiging isang instrumento para sa mga mag-aaral upang mapabisa ang kanilang pakikipagkomunikasyon sa iba. Sa pamamagitan ng *code-switching*, naitatampok ang kanilang kakayahan na humarap at makisalamuha sa ibang tao, na nagreresulta sa pagkakaroon ng tiwala sa sarili. Dagdag pa rito, ang paggamit ng *code-switching* ay nagbibigay-daan din sa kanila upang makasabay sa modernisasyon, at sa proseso nito, marami silang natututunan na iba't ibang wika, kabilang na ang wikang Ingles.

Sa Pilipinas, kung saan ang wikang Filipino at Ingles ang dalawang pangunahing wika sa edukasyon, ang *code-switching* ay naging karaniwan sa mga akademikong diskurso, lalo na sa mga unibersidad at kolehiyo. Nabanggit nina [4] Tupas at Lorente (2014) na ang Programang Edukasyong Bilinggwal ng Pilipinas (BEP), kung saan ang Ingles ang midyum ng pagtuturo sa Agham at Matematika at Pilipino o Filipino, ang wikang pambansa, sa lahat ng iba pang asignatura, ito ay kinilala bilang isa sa mga pinakaunang komprehensibong eksperimento sa edukasyong bilingual sa mundo.

Sa pagsusuri ni [4] Tupas at Lorente (2014), ipinahayag ni Smolicz at Nical (1997) na noong 1974, ang Basic Education Program (BEP) ay naging bahagi na ng institusyon ng edukasyon sa Pilipinas, na naging pangunahing balangkas nito mula noon. Bago ang taong iyon, ang Ingles ang pangunahing midyum ng pagtuturo mula pa noong 1901, nang itatag ito ng mga Amerikano. Ngunit simula noong 2009, inalis na ang BEP at pinalitan ng Multilingual Education (MTB-MLE) order mula sa *Department of Education* (DepEd), na nagtutok sa paggamit ng *Mother Language* sa lahat ng antas ng edukasyon. Ang paglipat mula sa BEP tungo sa MTB-MLE ay nagpapakita ng pagkilala sa kahalagahan ng paggamit ng unang wika sa pagtuturo. Ipinaniniwala ng MTB-MLE na mas epektibo ang pag-aaral kapag ginagamit ang wikang katutubo o *Mother Language* bilang midyum ng pagtuturo. Ang pagtanggap ng MTB-MLE ay naglalayong labagin ang tradisyonal na pananaw ng BEP, na sumusunod sa polisiya na ang dalawang wika lamang – Ingles at Filipino – ang dapat gamitin sa edukasyon upang mapadali ang pag-aaral ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng pagpapalit sa MTB-MLE, hinuhubog nito ang isang mas inklusibo at mas partisipatibo na modelo ng edukasyon na sumasalamin sa kultural na pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Kaya ganoon na lamang ang mga pag-aaral na isinagawa kaugnay sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Isa na rito ang pag-aaral ni [5] Saavedra (2020) kung saan nabanggit ng mga gurong kalahok ang kanilang negatibong pananaw sa paggamit ng Mother Tongue (Chavacano) bilang wikang panturo. Anila, hindi lahat ng mga mag-aaral ay nakauunawa ng wikang ito, kaya pahirapan din sa kanila ang pagtuturo ng Chavacano. Mainam pa rin anila, ang Mother Tongue bilang asignatura na lamang at hindi wikang panturo.

Sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao, isang institusyon na may malawak na etniko at linggwistikong pagkakaiba-iba, ang *code-switching* ay maaaring maging isang pangkaraniwang gawain sa mga diskurso sa loob ng mga silid-aralan. Dahil sa pagiging *multilingual* ng komunidad sa pamantasan, ang *code-switching* ay nagiging natural na paraan ng komunikasyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro. Sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga karanasan, persepsyon, at mga saloobin ng mga estudyanteng nagpapakadalubhasa sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao hinggil sa paggamit ng *code-switching* sa kanilang akademikong diskurso, layunin ng pananaliksik na ito na magbigay-liwanag sa kahalagahan at implikasyon ng ganitong gawain sa larangan ng edukasyon at pag-aaral. Ang pagsusuri sa mga karanasan at persepsyon ng mga estudyante ay magbibigay ng mas malalim na pang-unawa sa mga dahilan at kahihinatnan ng *code-switching* sa kanilang mga akademikong proyekto at diskurso. Sa pag-aaral nina [6] Saavedra & Karanain (2022), maging ang *code-switching* ay ginagawa din ng mga gurong sa pagtuturo ng Mother Tongue. Hindi gaya sa ibang lugar, ang Lungsod ng Zamboanga ay isang multikultural at multilinggwal na lugar kung saan hindi nakauunawa ng Lingua Franca na Chavacano. Dahil dito, kinakailangang magsalin at *code-switch* ang mga guro upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin.

Bukod dito, naglalayon din ang pag-aaral na ito na magbigay ng mga rekomendasyon upang mapabuti ang pagtuturo at pag-unawa sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong lipunan. Sa pamamagitan ng mga rekomendasyon na naibigay ng mga pananaliksik na ito, maaaring mas mapalakas ang komunikasyon at pag-unawa sa pagitan ng mga guro at estudyante sa pamantasan, na magbubunga ng mas produktibong pagkatuto. Bukod dito, ang pag-aaral na ito ay maaaring magdulot ng mga bagong perspektiba at ideya sa larangan ng wika at edukasyon, na maaaring maging pundasyon para sa mga susunod na pananaliksik.

## II. KAUGNAY NA PAG-AARAL

### 1. Pag-unawa sa Konsepto ng *Code-Switching*

Sa larangan ng lingguwistika, ang *code-switching* ay isang mahalagang konsepto na naglalarawan ng pagpapalit-palit ng wika sa loob ng isang talakayan o pag-uusap. Ayon kay [7] Dela Rosa (2016), ang *code-switching* ay tinutukoy bilang isang pandaigdigang *phenomenon* ng pagsasama-sama ng mga wika na nagpapakita ng gramatika ng parehong mga wika na gumagana nang sabay-sabay at isang estilo ng pagsasalita na natatangi sa mga bilinggwal, kung saan ang mga bihasang tagapagsalita ay nagpapalit-palit ng mga wika sa pagitan o sa loob mismo ng mga pangungusap.

Ayon naman sa pag-aaral ni [8] Rusmawaty (2018) mayroong iba't ibang uri ng *code-switching* ang nangyayari sa loob ng *English classroom*, ito ay 1) *inter-sentential code-switching*, na kinasasangkutan ang isang salita sa loob ng isang pangungusap, isang bahagi ng pandiwa, isang tanong na tag, at isang bahagi ng pang-abay; (2) *inter-sentential code-switching*; (3) *emblematic code-switching*; (4) *intra-lexical code-switching*; at (5) pagbabago sa mga katangian ng pagbigkas. Natuklasan din sa pag-aaral na ito ang pagkakaroon ng isang bagong uri ng *intra-sentential* na kinasasangkutan ang isang bahagi ng pang-abay. Bukod sa mga uri ng *code-switching*, nakasaad din ang mga tungkulin nito sa kanilang paggamit, sa pagiging isang kahulugan, paghawak ng pwesto, pag-uulit, pagiging tumpak tungkol sa isang bagay, pagiging kasapi ng grupo, at pagkontrol sa alitan.

Malinaw naman na inilalahad sa pag-aaral ni [9] Lainatussyifah (2022) kung paano gumagamit ng iba't ibang wika ang mga guro sa isang bilingual na paaralan sa kanilang mga klase at kung paano ito nakakaapekto sa pagtuturo at pagkatuto. Napag-alaman na ang mga guro ay madalas na lumipat sa pagitan ng mga wika sa iba't ibang paraan, at makakatulong ito sa mga mag-aaral na mas maunawaan at matandaan ang impormasyon sa parehong mga wika. Sumasang-ayon ang mga guro at estudyante na ang paggamit ng iba't ibang wika sa klase ay nakakatulong sa pag-aaral. Ito ay isang magandang estratehiya para sa pagtuturo sa mga bilingual na paaralan.

### 2. Teorya ng Wika at *Code-Switching*

Ang pag-aaral ng mga teorya ng wika at *code-switching* ay nagbibigay ng malalim na pang-unawa sa kung paano at bakit nagyayari ang paggamit ng iba't ibang wika sa iisang diskurso. Ang *code-switching*, na tinukoy ni Scotton (1993), ay ang paglipat mula sa isang wika patungo sa iba pang wika sa loob ng isang pag-uusap. Ito ay maaaring maging aktibong pamamaraan na nagreresulta sa pagbabago ng mga aspeto tulad ng gramatika, intonasyon, at leksikal na yunit.

Sa teorya ng wika, ang mga konsepto tulad ng *structuralism* ni Saussure (1916) ay nagtuturo na ang wika ay isang sistema ng mga simbolo na may tiyak na estruktura at kaayusan. Ito ay nagpapahiwatig na may mga batayang patakaran at organisasyon sa loob ng isang wika na tumutulong sa pag-unawa at paggamit nito. Sa teoryang ito, pinapakita ni Saussure na ang wika ay organisado at may tiyak na estruktura. Ang mga batayang patakaran at kaayusan sa loob ng isang wika ay nagpapahiwatig ng kung paano ito naunawaan at ginagamit ng mga taong gumagamit nito. Ipinapaliwanag sa pag-aaral ni [10] Saavedra na (2020) na ang kasanayang ekspresib ng mga mag-aaral na elementary ay nasa katamtamang antas gayunpaman, sa pagbuo ng nilalaman, lumabas na nahahirapan pa rin sila. Nabanggit ni [11] Basumatary (2014), kapag ang mga gumagamit ng wika ay nagpapalit-palit ng mga wika sa isang pag-uusap, sila ay maaaring bumase sa mga batayang patakaran at estruktura ng bawat wika na kanilang ginagamit. Ito ay nagreresulta sa isang maayos na pagpapalit-palit ng mga wika na may katumpakan sa estruktura at kaayusan ng bawat isa. Sa madaling salita, ang teorya ng wika, tulad ng *structuralism* ni Saussure, ay nagbibigay sa atin ng batayan upang maunawaan kung paano ang mga batayang patakaran at estruktura ng bawat wika ay nakakatulong sa pagpapalit-palit ng mga ito sa pamamagitan ng *code-switching*.

Sa kabilang banda, ang teoryang *sociolinguistics* ni Labov (1966) binibigyang-diin niya ang ugnayan ng wika at lipunan. Ipinapakita niya kung paano ang mga pagkakaiba sa lipunan, tulad ng katayuan sa lipunan, kasarian, at kultura, ay may malaking impluwensya sa paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga varayti o anyo ng wika sa iba't ibang grupo sa lipunan, nailalantad ni Labov kung paano ang mga salik na ito ay nagbibigay-daan sa pagbabago o pag-iba sa paraan ng paggamit ng wika ayon kay [12] Gordon (2014). Sa konteksto ng *code-switching*, ang teoryang ito ay nagpapakita kung paano ang mga salik sa lipunan, tulad ng klase, kasarian, at etnisidad, ay maaaring maging dahilan sa pagpapalit-palit ng mga wika sa isang pag-uusap. Ang mga indibidwal ay maaaring mag-*code-switch* upang maipakita ang kanilang pagkakakilanlan sa loob ng isang partikular na lipunan, o upang makibagay sa kanilang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang grupo sa komunidad. Isa rin sa natuklasang salik sa kahinaan ng wika ay ang kakayahan sa paggamit ng teknolohiya. Nabanggit ito sa pag-aaral ni [13] Saavedra (2018) kung ang mga mag-aaral na may kakayahang gumamamit ng teknolohiya ay mas mataas ang antas sa kanilang kasanayan sa pagsasalita. Sa tulong din ng teknolohiya, natututunan din nila ang katumbas ng ilang mga hindi pamilyar na salita.

Upang maipaliwanag kung bakit, kailan, at paano binabago ng mga tao ang kanilang komunikatibong pag-uugali sa panahon ng mga panlipunang interaksyon—pati na rin ang mga panlipunang resulta na sumusunod dito—ang teorya ni Giles (1971), ang Teorya ng Akomodasyon sa Komunikasyon (*Communication Accommodation Theory* o CAT) ay nailikha. Ito ay pangunahing ukol sa pagsasalita, sa pagiging magkatulad at pagiging magkaiba sa akomodasyon sa komunikasyon, at sinasabi na ang mga tagapagtalastasan ay malamang na mag-aakomodasyon sa taong kanilang kausap sa pamamagitan ng pagtanggap sa kanilang paraan ng pakikipag-usap. Sinabi nina Soliz, Thorson, at Rittenour na ang pag-aakomodasyon ay ginagawa para sa paghahanap ng aprobasyon, pakikisama, pagkakapareho, o dahil sa personal na mga layunin.

Sa pangkalahatan, ang pag-aaral ng mga teorya ng wika at *code-switching* ay mahalaga sa pag-unawa sa kultura, lipunan, at kahalagahan ng wika sa mga indibidwal at sa lipunan bilang kabuuan. Ito ay nagbibigay-daan sa mga mananaliksik at mga linggwista na mas maunawaan ang dinamika ng wika at kung paano ito nakakaapekto sa komunikasyon at identidad.

### 3. Code-Switching sa Pilipinas

Nabanggit sa pag-aaral ni [14] Ki (2020), ang Pilipinas ay kabilang sa mga bansa na *multilingual*, sapagkat ito ay naging bahagi ng iba't ibang mga dayuhang mananakop na nagdala ng malaking impluwensiya sa wika at komunikasyon. Walang duda na ang Pilipinas ay mayaman sa kultura at wika, kung saan karaniwan ang pagiging bilingual o kahit paano'y marunong sa higit sa isa. Ang karamihan sa mga Pilipino ay nakakapagsalita ng tatlong wika — ang kanilang katutubong wika, Filipino, at Ingles. Ngunit, ayon kay [15] Pontillas (2022) na nabanggit sa isang artikulo ng *Philippine Daily Inquirer* na kadalasan, mas pinipili ng karamihan ang kanilang katutubong wika, na humahantong sa regular na paggamit ng *code-switching*. Ito ay kung saan nagaganap ang pagpapalit-palit ng mga salita mula sa iba't ibang diyalekto o wikang Ingles sa parehong usapan.

Sa katunayan, ang Pilipinas ay isa sa mga bansa na may pinakamaraming wika sa buong mundo, na umaabot sa 187 wika at diyalekto. Ang bansa ay may malawak na paggamit ng mga salitang hiniram mula sa iba't ibang wika dahil sa mahabang kasaysayan ng kolonisasyon. Bilang bunga nito, may mga salitang ginagamit na katulad ng mga ito sa ibang wika ngunit walang tugmang pagsasalin sa Filipino. Dahil dito, ang paghalo ng iba pang wika tulad ng mga salitang Ingles sa Filipino ay nagsisimulang maging karaniwan sa mga talakayan. Ang penomenang ito sa Pilipinas ay mas kilala bilang “Taglish”, isang sining kung saan nagaganap ang pagpapalit-palit sa pagitan ng dalawang wika, partikular na ang wikang Tagalog at Ingles. Ayon kay [16] Ramos (2022) ng paggamit ng TagLish ay hindi limitado sa *middle-class* o sa edukado; lahat ng Pilipino ay nagsasalita at nagpapalit-palit ng dalawang wika. Ginagamit din ang TagLish sa mga plataporma ng *social media*, pati na rin sa telebisyon, radyo, at pahayagan. Bukod dito, ang mga Pilipino ay madaling makapagpalit ng Ingles dahil sa kanilang malikhaing istraktura ng wika. Karaniwan din ang paggamit ng Taglish sa di-pormal na mga usapan at sa trabaho; gayunpaman, ang mga papeles ay dapat na nasa purong Ingles o Tagalog. Ang kahirapan sa pag-unawa ng wika ay natuklasan din sa pag-aaral nina [17] Saavedra, Alejandro at Espinosa (2022) lalo na sa pagsusulat ng mga pananaliksik. Isa sa mga salik na pinaniniwalaan ng mga kalahok na mag-aaral ay kakulangan nila ng pag-unawa sa mga teknikal na mga salita sa pananaliksik na madalas na walang salin sa Filipino.

Sa kabilang banda, batay naman sa pag-aaral nina [1] Arceo at Cruz et al (2013) kahit saan ay maaaring gamitin ang *code-switching*, sa bahay, sa mga pagtitipon, sa *mall*, sa paaralan at iba pa pero kadalasan lamang ginagamit ng mga kalahok sa pag-aaral ang *code-switching* sa paaralan. Nakakuha ito ng limampu't tatlong bahagdan (53%) mula sa kabuuang isang daang (100) sagot ng mga tagatugon kaya't kahit pagsamahin pa ang bahagdan ng mga pagtitipon (24%) at bahay (23%) ay mas malaki pa rin ang bahagdang naitala ng paggamit ng *code-switching* sa paaralan. Dagdag pa nila, hirap ang karamihan sa pag-intindi ng mga salita sa wikang Filipino kaya't naging opsiyon ang *code-switching* upang mabatid ng nakararami ang ibig sabihin ng mga malalalim na salita. Ang *code-switching* din ang dahilan kung bakit dumadami ang mga salita sa wikang Filipino. Bilang halimbawa, ang ilang salita sa Ingles ay ginagawa nang bahagi ng bokabularyong Filipino sa pamamagitan ng pagpapalit lamang ng ispeleng gaya ng kompyuter, bolpen, telepono at marami pang iba.

### 4. Bilingualismo at Code-Switching

Sa Pilipinas, ang bilinggwalismo ay isang karaniwang katangian, kung saan ang mga mamamayan ay may kakayahang magsalita at maunawaan nang mabuti ang dalawa o higit pang mga wika. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan at espesyal na kultura ng bansa kung saan napakaraming iba't ibang wika ang ginagamit sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ang ganitong kalakaran ay nagpapakita ng yaman at pagkakaiba-iba ng kultura sa Pilipinas, na nagpapalakas sa ugnayan at pagkakakilanlan ng mga mamamayan.

Sa loob ng bilingual na silid-aralan, ang *code-switching* ay nagiging isang mahalagang estratehiya para sa mga guro o *lecturer* sa pagpapaliwanag ng mga konsepto at paksa sa mga mag-aaral. Ang ilan sa mga dahilan ng *code-switching* ayon kay [18] Hutauruk (2016) ay kabilang ang pag-uusap nang espesipiko tungkol sa isang partikular na paksa, pagsipi ng pahayag ng ibang tao, pagiging mariin sa isang bagay, paggamit ng pandamdang, paggamit ng *repetitive function* upang linawin ang mensahe, at may intensyon ng paglilinaw ng nilalaman ng pagsasalita. Sa pamamagitan ng *code-switching*, mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga konsepto at magamit ito sa kanilang sariling konteksto.

Ayon naman kina [19] Priyana at Sakaria (2018), ang *code-switching* ay isang potensyal na estratehiya sa pagtuturo at pag-aaral ng ikalawang wika o banyagang wika, partikular na ang wikang Ingles, sa mga bilinggwal na kapaligiran. Ipinapakita ng kanilang pag-aaral na ang pagpapalitan ng mga wika sa proseso ng pagtuturo at pag-aaral ay nagiging isang karaniwang praktika sa mga ganitong konteksto. Sa pamamagitan ng ganitong estratehiya, nagiging mas mabisa ang pagtuturo at pag-aaral ng mga mag-aaral sa ikalawang wika, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa wikang ito.

Nakasaad rin sa pag-aaral nina [19] Priyana at Sakaria (2018) ang ideya na ang labis na paggamit ng unang wika sa mga *bilingual* na silid-aralan ay maaaring humantong sa pagiging labis na *dependent* ng mga mag-aaral, naghikayat ito sa mga guro na gamitin bilang isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo at pag-aaral na nagpapabuti sa konstruksiyon ng kaalaman ng mga mag-aaral sa *target language*, at higit sa lahat, nagpapalakas sa *interpersonal* na interaksyon sa pagitan nila at ng mga mag-aaral, na naglalayong dagdagan ang pagiging mabisa ng pagtuturo at pag-aaral. Sa ganitong kadahilanan, isinusulong ng papel na ito na ang paggamit ng unang wika ay hindi katumbas ng paggamit ng *target language*, ngunit ito ay dapat lamang gamitin bilang isang kasangkapan na nagpapabuti sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa *target language*. Sa katunayan, ang paggamit ng unang wika ay dapat mas malawakang tingnan bilang isang paraan upang bawasan ang hindi kinakailangang kawalan ng kumpiyansa ng mga mag-aaral na nagmula sa kanilang limitadong kasanayan sa wika dahil sa kanilang magkakaibang likas na kalikasan.

Isinagawa nina [20] Parama et al. (2017) ang isang pag-aaral na sumusuri sa mga pananaw ng mga monolinggwal at bilinggwal na indibidwal ukol sa *code-switching*. Tinanong ang mga kalahok na punuin ang isang serye ng mga *questionnaire* na sumusukat kung sila ay monolinggwal o bilinggwal, ang kanilang antas ng kasanayan sa mga wika, at ang kanilang mga pananaw sa *code-switching* matapos manood ng isang *video* na nagpapakita ng tatlong bilinggwal na naglilipat-lipat ng mga wika mula sa Bangla patungo sa Ingles. Inaakala ng mga mananaliksik na ang mga monolinggwal ay magbibigay ng mas mababang marka kumpara sa mga bilinggwal, batay sa mga nakaraang pag-aaral. Gayunpaman, ang mga resulta ay nagpapakita ng walang kahalagahang pagkakaiba sa mga pananaw sa pagitan ng mga monolinggwal at bilinggwal. Ito ay nagpapahiwatig na bagaman maaaring hindi negatibo tingnan ng mga indibidwal ang *code-switching*, hindi rin naman ito lubos na positibo sa kanilang pananaw.

### 5. Code-Switching sa Wikang Filipino at Ingles

Ang paggamit ng *Code-switching* ay karaniwan nang naging kaugalian ng mga Filipino. Dahil sa pananakop ng ibang bansa sa Pilipinas ay nagkaroon ng pagbabago sa kanilang pananalita. Nagkaroon ng higit na lenggwahe ang Pilipinas at mas lalong naging matatag ang paggamit ng *Code-switching*. Ayon kay [21] Valerio (2015) ang mga Filipino ay itinuturing bilang isang multilinggwal, na kung saan ang wikang Ingles ay naging pangalawang wika na, at dahil ito sa pananakop ng ibang bansa. Kung kaya, ang pag-sasama-sama ng mga wika ay naging kagawian na ng mga Filipino mapa kanayunan at kalunsuran man ng bansa.

Ayon sa impormasyon na ibinigay ni [22] Samkowski (2023) sa kanyang pag-aaral, ang wikang Filipino ang pinakalaganap na wika. Ito ay nagsilbing pambansang wika ng bansa mula pa noong 1970. Nagmula ang wikang Filipino sa Tagalog, na karaniwang sinasalita sa hilagang isla ng Luzon sa Pilipinas. Karaniwang ginagamit ito sa mga pangunahing urban na lugar, kabilang ang Maynila, ang kabisera at pinakamalaking Lungsod sa Pilipinas. Datapwat na karamihan sa populasyon ng Filipino ay nagsasalita parin ng kanilang mga katutubong wika, ngunit napansin na, sa kawalan ng opisyal na unang wika na mauunawaan ng lahat ng Pilipino ay napatunayang isang problema. Kaya naman upang gawing mas madali ang komunikasyon sa pagitan ng iba't ibang katutubong tao, ipinakilala ang Ingles bilang bagong pangalawang wika ng Pilipinas. Ang wikang Ingles ay naging kabilang sa isang *co-official* na wika na nagbigay ng mahalagang bahagi sa kasaysayan ng linggwistika ng Pilipinas.

Binanggiy ni [23] Bravo-Sotelo (2020) Ang Tagalog-Ingles ay karaniwang ginagamit na *code-switching* sa Pilipinas. Ito ay binuo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng unang bahagi ng tagalog at huling pantig ng Ingles. Ang katagang Taglish sa hinangong termino ay isang maling pangalan, dahil ang katotohanan, ito ay tumutukoy sa kombinasyon ng Filipino at Ingles at hindi sa Tagalog at Ingles.



Ayon kay Bautista (1999) may dalawang uri ng *code-switching* sa paggamit ng Filipino at Ingles. Ang unang (1) uri ay ang tinawag na, *deficiency-driven code-switching*. Ito ay ginagamit ng tao kapag hindi pa ganap na may kakayahan sa paggamit ng isang wika, kung kaya gumagamit siya ng iba pang wika na alam niya. Pangalawa (2) ang tinatawag na *proficiency-driven code-switching*. Ito ay ang kakayahan ng isang tao sa paggamit ng dalawang wika. Sa madaling salita, may kakayahang makapagpalit-palitan ang isang tao sa paggamit ng isang wika sa pangalawang wika, nang hindi siya nahihirapan.

Ayon sa ilang mga pag-aaral, ang pag-gamit ng Filipino at Ingles na *code-switching* ay kadalasang ginagamit sa paaralan. Ipinaliwanag sa pag-aaral nina Valerio (2015); [24] Mangila (2019); [25] Nurhamidah (2018), ang *code-switching* ay karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo at ng mga mag-aaral sa pagkatuto at pagpapaliwanag ng kanilang mga sagot. Binanggit din sa pag-aaral na ang paggamit ng *code-switching* ay nagdudulot ng positibong kasanayan sa pagbibigay at pagtatanggap ng impormasyon sa dalawang kasangkot sa komunikasyon. Subalit sa paggamit ng *code-switching* sa pagtuturo, kinakailangan paring limitahan at iangkop ang mga salitang gagamitin upang hindi malito ang mga mag-aaral sa mga katagang binibitawan.

### 6. Code-Switching sa Paaralan

Ang *code-switching* sa paaralan ay isang *phenomenon* kung saan ang mga mag-aaral ay nagpapalit-palit ng wika mula sa kanilang pangunahing wika patungo sa wikang ginagamit sa paaralan o iba pang wika. Ito ay maaaring maganap sa mga paaralan na mayroong bilingual na sistema ng edukasyon, kung saan ang mga mag-aaral ay natututo sa dalawang wika, tulad ng Ingles at Filipino sa Pilipinas. Ito ay nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na mag-adjust sa iba't ibang wika depende sa konteksto ng kanilang pakikipagtalastasan. Bukod dito, nagbibigay ito ng oportunidad para sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang kasanayan sa iba't ibang wika at maging mas malawak ang kanilang kaalaman.

Nakakatulong ang *code-switching* sa mga guro at mag-aaral sa paaralan upang mas mapadali ang pag-unawa at komunikasyon sa loob ng silid-aralan. Sa mga pag-aaral na isinagawa, ipinapakita na ang *code-switching* ay madalas na ginagamit ng mga guro sa Ingles sa pagtuturo at ginagamit ito bilang isang estratehiya sa pagtuturo para sa iba't ibang layunin. Halimbawa, sa pag-aaral ni [24] Mangila (2018), lumilitaw na ang *code-switching* ay kadalasang ginagamit ng mga guro para sa pagtuturo ng mga konsepto at paksa.

Ayon sa pag-aaral ni [26] Saquing (2023), natukoy na ang mga guro sa larangan ng Ingles ay madalas na gumamit ng *code-switching* kumpara sa iba pang larangang espesyalisasyon tulad ng BEEd *Generalist*, BEEd PSEd, at BSEd *Mathematics*. Ito ay nagpapahiwatig na ang *code-switching* ay mas tinatanggap at kadalasang ginagamit sa larangan ng Ingles.

Sa pag-aaral naman ni [27] Roxas (2019), napag-alaman na ang mga mag-aaral ay madalas na gumagamit ng *code-switching* dahil sa kakulangan sa mga tamang salita na gagamitin sa pagsasalita. Ang *code-switching* ay maaaring magdulot ng pagpapalawak ng kasanayan sa dalawang wika at maaaring gamitin upang mapabuti ang pag-unawa sa mga paksa sa paaralan. Sinabi rin ni [27] Roxas (2019) ang mga pagsusuri sa *code-switching* sa paaralan ay nagpapakita rin na may iba't ibang mga kadahilanan kung bakit gumagamit ang mga mag-aaral ng *code-switching*. Bukod sa mga nabanggit na saliksik, maaaring magkaroon pa ng iba pang mga kadahilanan tulad ng pagpapalakas ng tagumpay sa akademiko. Samakatuwid, ang *code-switching* ay maaaring gamitin upang makamit ang kasanayan sa mga paksa sa paaralan.

Para sa mga tagapagturo ng pagkatuto, mahalaga na malaman kung kailan dapat gamitin ang unang wika (L1) at kailan dapat gamitin ang pangalawang wika (L2) nang naaangkop upang mapabuti ang pang-unawa at magtaguyod ng makabuluhang pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, maaaring mapalawak ang kasanayan sa wika at mapalakas ang tagumpay sa akademiko ng mga mag-aaral. Sa huli, ang *code-switching* ay hindi lamang isang simpleng pangyayari sa paaralan kundi isang epektibong estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto na maaaring magdulot ng positibong epekto sa edukasyon.

### III. BATAYANG TEORETIKAL

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng pananaw ng mga estudyanteng nagpapakadalubhasa sa wika sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso, batay sa mga prinsipyong nakabatay sa *Communication Accommodation Theory* at *Second Language Acquisition Theory*. Ang Teorya ng Akomodasyon sa Komunikasyon (*Communication Accommodation Theory* o CAT) ay isang pangkalahatang teoretikal na balangkas ng *interpersonal* at intergrupo na komunikasyon. Layunin nito na ipaliwanag at mangatuwiran kung bakit, kailan, at paano namumuhay ang mga tao ng kanilang komunikatibong pag-uugali sa panahon ng panlipunang interaksyon, at ano ang mga panlipunang bunga ng mga pag-aakomodasyong iyon. [28] (Dragojevic, Gasiorek, & Giles, 2015). Sa pag-aaral na ito, ang CAT ay magiging mahalagang batayan sa pag-unawa sa kung paano at bakit nagkakaroon ng *code-switching* sa akademikong

diskurso ng mga estudyante. Ito ay maaaring magpaliwanag kung paano at kailan nangyayari ang akomodasyon sa komunikasyon, lalo na sa konteksto ng edukasyon. Ang pagsusuri sa kung paano ang mga estudyante ay umaakma sa kanilang mga kasamahan at guro sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang wika ay maaaring magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa *dynamics* ng kanilang interaksyon at kung paano ito nakakaapekto sa kanilang akademikong karanasan. Ayon kay Krashen (1981), isang kilalang linggwista at eksperto sa larangan ng pagtuturo ng wika, ang *Second Language Acquisition* ay isang proseso kung saan ang indibidwal ay natututo ng wika sa paraang natural at hindi istrukturadong. Ayon sa kanyang teoryang *Natural Approach*, ang mga indibidwal ay natututo ng wika sa pamamagitan ng pagpapahayag ng "*comprehensible input*", o mga makabuluhan at mauunawang mga mensahe sa wika na unti-unti nilang nauunawaan at naiintindihan. [29] (Rhalmi, 2023)

#### IV. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy pananaw ng mga estudyanteng nagpapakadalubhasa sa wika sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso. Ang pag-aaral din na ito ay may layuning masagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso?
2. Ano ang dalas sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng paggamit ng *code-switching* kung ang mga datos ay hahatiin batay sa:
  - a. *Majors*
  - b. Kasarian
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa dalas ng paggamit ng *code-switching* kung ang mga datos ay hahatiin batay sa:
  - a. *Majors*
  - b. Kasarian

#### VI. METODOLOHIYA

##### 1.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay kuwantitatibong pananaliksik. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibong metodolohiya ng pananaliksik. Napili ng mananaliksik na gamitin ang "*Descriptive Survey Research Design*", na gumagamit ng talatanungan o *survey questionnaires* para sa paglikom ng datos. Ang mga mananaliksik ay naniniwala na angkop ito sa pag-aaral na isinagawa sapagkat mapapadali ang pangangalap ng datos mula sa maraming tagatugon. Limitado lamang ang bilang ng mga tagatugon sa talatanungan.

##### 1.2 Paraan ng pagpili ng mga Tagatugon

Sa pagpili ng mga kalahok, ang paraang *Purposive Sampling* ang ginamit ng mga mananaliksik sapagkat ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa layunin ng pag-aaral at mga katangian ng populasyon. Kung saan ang mga estudyanteng nagpapakadalubhasa sa wikang Filipino at Ingles na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao ang napiling mga kalahok. Nagkaroon ng kabuoang apatnapung (40) tagatugon mula sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro; dalawampung (20) tagatugon mula sa Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon na nagpapakadalubhasa sa Filipino at dalawampung (20) tagatugon naman mula sa nagpapakadalubhasa sa Ingles, ang napiling tagatugon ng pag-aaral.

##### 1.3 Instrumentong ginamit at pagpapatibay nito

Ang talatanungan na ginamit para sa pag-aaral na ito ay ibinatay sa instrumentong binuo ni Noor Jasim Muhi Al-Qaysi (2016) sa kaniyang pananaliksik na may pamagat na "Pagsusuri sa mga Saloobin ng mga Mag aaral at Tagapagturo Patungo sa Paggamit ng Code-Switch sa loob ng mga Matataas na Edukasyon sa Oman" (*Examining Students' and Educators' Attitudes Towards the Use of Code-Switching within Higher Educational Environments in Oman*). Ang mga talatanungan ay binuo at isinalaysay ng mananaliksik mismo batay sa mga tanong ng pananaliksik ng pag-aaral. Ang ilang mga bahagi ay hinango mula sa katulad na mga pagsasaliksik tulad ng (Hussein, 1999; Kiranmayi & CELTA 2010; Nordin et al., 2013; Eldin, 2014; Naveed, 2014; Al-Emran et al., 2016). Ang mga talatanungan ay sinuri ng kaniyang tagapayo sa disertasyon (Dr. John McKenny) sa British University in Dubai (BUID), UAE at ng pinuno ng suportang teknikal at mga serbisyong elektroniko (Mr. Mostafa Al-Emran) sa Al Buraimi University College (BUC), Oman para sa layunin ng pagsasahimpapawid at paglililaw ng mga piniling bahagi kaugnay ng validasyon ng nilalaman. Pagkatapos ng masusing pagsusuri, ipinahiwatig ng tagapayo sa disertasyon at ng pinuno ng suportang teknikal na ang mga bahagi ng *survey* ay lubos na malinaw at sumasagot sa lahat ng mga tanong ng pagsasaliksik.

Ang talatanungan na ginamit ay may kabuuang dalawampung (20) aytem sa pangunahing instrumento sa pag-aaral na ito upang masuri ang pananaw ng mga nagpapakadalubhasa sa wika. May kabuuang apatnapung (40) talatanungan ang maipapamahagi sa mga tagatugon. Kaugnay dito, ang mga tanong na nakapaloob sa sarbey kwestyuner na hinati sa dalawang (2) bahagi, kabilang dito ang mga sumusunod: Ang unang bahagi (1) ay patungkol sa pananaw sa paggamit ng code-switching na may kabuuang sampung (10) katanungan. Ang pangalawa (2) ay may kinalaman sa dalas sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso na binubuo rin ng sampung (10) katanungan.

Sa pagpapatipabay naman ng kahusayan at katiyakan ng instrumento sa pag-aaral na ito, isinailalim ng mga mananaliksik ang nabuong instrumento sa *pilot testing* at *reliability testing*. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga datos na kinolekta sa *pilot testing*, nakamit ng mga mananaliksik ang *Cronbach's Alpha Value* na 0.886, na malapit sa 1. Ito ay nagpapahiwatig na ang talatanungan ay may mahusay na antas ng *internal consistency*, na nagpapahiwatig na ang instrumento ng pananaliksik ay maaasahan (*reliable*) at wasto (*valid*).

## VII. PAGTATALAKAY

Upang masuri ang mga datos na nakalap mula sa talatanungan na sinagutan ng mga kalahok, ginamit ng mga mananaliksik ang *General Weighted Mean* ng *4-point Likert scale* at ang mga marka ay hinati sa apat na kategorya, sa talahanayan ay makikita ang interpretasyon sa pananaw at dalas ng paggamit ng *code-switching*.

### Talahanayan 1.

#### Estadistikang ginamit sa pagtukoy ng pananaw sa paggamit ng *code-switching*

Bigat	Katumbas	Interpretasyon
1	1.0 – 1.75	Lubos na Negatibo
2	1.76 – 2.50	Negatibo
3	2.51 – 3.25	Positibo
4	3.26 – 4.0	Lubos na Positibo

### Talahanayan 2.

#### Estadistikang ginamit sa pagtukoy sa dalas ng paggamit ng *code-switching*

Bigat	Katumbas	Interpretasyon
1	1.0 – 1.75	Hindi kailan man ginagamit
2	1.76 – 2.50	Minsan lamang ginagamit
3	2.51 – 3.25	Madalas na ginagamit
4	3.26 – 4.0	Pinakamadalas ginagamit

### Talahanayan 3

#### Pananaw ng mga estudyante sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso

Pahayag	Mean	Adjectival Interpretation
1. Ang paggamit ng <i>Code-Switch</i> ay nagpapahusay sa aking kasanayan sa komunikasyon	3.40	Lubos na Positibo
2. Ang paggamit ng <i>Code-Switch</i> ay nakakatulong na mapaunlad ang aking kasanayan sa wika.	3.05	Positibo
3. Ang paggamit ng <i>Code-Switch</i> ay nakakatulong upang mapadali ang pagpapahayag ng mga bagong salita.	3.28	Lubos na Positibo
4. Ang paggamit ng <i>Code-Switch</i> ay nakakaakit ng aking pansin.	2.53	Positibo
5. Dahil sa paggamit ng Ingles/Filipino ko napapahayag ang mga mga ideya na hindi ko maipahayag sa wikang Filipino/Ingles.	3.35	Lubos na Positibo
6. Ang paggamit ng <i>Code-Switch</i> ay nagpapakita na ako ay walang pinag-aralan.	3.73	Lubos na Positibo



7. Ang paggamit ng <i>Code-Switch</i> ay hindi nagbibigay-daan sa mapalawak ang aking pag-unawa.	3.43	Lubos na Positibo
8. Hindi ako komportable na gamitin ang <i>Code-Switch</i> sa silid - aralan at pinapatatag nito ang aking tiwala sa sarili.	3.53	Lubos na Positibo
9. Ang paggamit ng <i>Code-Switch</i> ay hindi tumutulong sa akin na sanayin ang pangalawang wika na ginagamit ko	3.35	Lubos na Positibo
10. Ang paggamit ng <i>Code-Switch</i> ay hindi tumutulong sa akin sa pag aaral ng mga bagong salita mula sa mga guro/propesor habang lumilipat sila sa pagitan ng Ingles at Filipino.	3.38	Lubos na Positibo
<b>General Weighted Mean</b>	<b>3.30</b>	<b>Lubos na Positibo</b>

Sa talahanayan 3, ipinapakita ang kabuuang *weighted mean* na 3.30, na nangangahulugang ang pananaw ng mga estudyante ukol sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso ay **lubos na positibo**. Ipinapakita nito na ang mga estudyante ay may mataas na pagpapahalaga sa paggamit ng *code-switching* bilang isang kasangkapan sa pagpapahusay ng komunikasyon, kasanayan sa wika, at pag-unawa sa mga ideya sa loob ng silid-aralan.

Sa pahayag na tumatalakay sa pagpapahusay ng kasanayan sa komunikasyon, nakatanggap ito ng *mean* na 3.40, na nagpapakita ng matinding pananaw ng mga estudyante na ang *code-switching* ay may positibong epekto sa kanilang kakayahan sa pakikipag-usap. Gayundin, ang *code-switching* ay nakatulong sa kanilang kasanayan sa wika, na may *mean* na 3.05, na nagpapakita ng kumpiyansa nila sa kahalagahan nito sa pagpapalawak ng kanilang kakayahan sa parehong Filipino at Ingles. Sa pagpapadali ng pagpapahayag ng mga bagong salita, ang *mean* na 3.28 ay nagpapakita ng pananaw na ang *code-switching* ay nakatutulong sa mas madali at mas epektibong pagpapahayag ng mga ideya. Ang mga estudyante ay nakikita rin na nakakatulong ito sa pagpapahayag ng mga ideya na mahirap ipaliwanag gamit lamang ang isang wika, kaya't nakatanggap ito ng *mean* na 3.35. Samantala, sa pahayag na nauugnay sa pag-aakit ng pansin ng mga estudyante, ang *mean* na 2.53 ay nagpapakita ng bahagyang pagbaba ng kanilang pananaw ukol dito. Bagama't itinuturing pa rin nilang positibo, hindi ito nakikita bilang malaki o pangunahing bahagi ng kanilang pagkatuto. Sa mga pahayag na may *reverse coding*, tulad ng pagpapakita ng kakulangan sa edukasyon o hindi pagtulong sa pag-aaral ng pangalawang wika, ang *mean scores* ay 1.28 at 1.60, na nagpapakita ng matinding hindi pagsang-ayon ng mga estudyante sa ganitong mga negatibong pananaw. Ito ay nagpapatibay na ang *code-switching* ay hindi itinuturing na hadlang, kundi isang mahalagang estratehiya sa edukasyon.

Kaugnayan rito, ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay pareho sa natuklasang resulta ng naging pag-aaral nina [30] Ali et al. (2024) na "*Sudanese Students' Perceptions of Code Switching in English Language Classes*". Ayon dito, ang mga mag aaral ng Sudan ay may positibong pananaw sa paggamit ng *code-switching*. Batay sa mga datos na kanilang nakalap, nakikita ang *code-switching* bilang isang mahalagang tool sa kanilang edukasyon sa wikang Ingles, naniniwala na pinahuhusay nito ang kanilang pag-unawa at sinusuportahan ang kanilang paglalakbay patungo sa pagiging matagumpay. Ang kanilang mga positibong pananaw sa gawaing na ito ay nagpapahiwatig na ang *code-switching* ay gumaganap ng isang makabuluhang papel sa kanilang karanasan sa pag aaral.

#### Talahanayan 4

Dalag sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso ng mga estudyanteng nagpapakadalubhasa sa wika.

Pahayag	Mean	Adjectival Interpretation
1. Ginagamit ko ang <i>Code-switch</i> sa pag-uulat.	2.90	Madalas na ginagamit
2. Ginagamit ko ang <i>Code-switch</i> sa pagpapaliwanag ng mga paksa o konsepto.	3.13	Madalas na ginagamit
3. Ginagamit ko ang <i>Code-switch</i> sa pakikipag-usap sa aking kaklase	3.28	Pinakamadagal na ginagamit
4. <i>Code-Switch</i> dahil sa kakulangan ng mga katumbas na salita sa Ingles at Filipino.	3	Madalas na ginagamit
5. Ginagamit ko ang <i>Code-Switch</i> para sa pagtatalakay ng mga lektura at pagsusulit.	2.88	Madalas na ginagamit

6. Ginagamit ko ang <i>Code- Switch</i> sa pagpapaliwanag.	3.08	Madalas na ginagamit
7. Ginagamit ko ang <i>Code- Switch</i> sa mga pangkatang gawain.	3.03	Madalas na ginagamit
8. Ginagamit ko ang <i>Code- Switch</i> sa mga <i>oral recitation</i> .	2.6	Madalas na ginagamit
9. Ginagamit ko ang <i>Code- Switch</i> sa pagtatanghal.	2.2	Minsan lamang ginagamit
10. Ginagamit ko ang <i>Code- Switch</i> sa pakikipag-debate.	2.18	Minsan lamang ginagamit
<b>General Weighted Mean</b>	<b>2.83</b>	<b>Madalas na ginagamit</b>

Sa talahanayan 4, lumabas ang *General Weighted Mean* na 2.83, na nagpapahiwatig na ang paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso ng mga estudyanteng nagpapakadalubhasa sa wika ay madalas. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ng Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao na dalubhasa sa wika ay madalas gumamit ng *code-switching* sa kanilang akademikong talakayan. Pinakamadalas na ginagamit ang *code-switch* sa pakikipag-usap sa kaklase na may *mean score* na 3.28. Madalas namang ginagamit ang *code-switch* sa pagpapaliwanag ng mga paksa o konsepto (3.13), pagpapaliwanag (3.08), at pangkatang gawain (3.03). Ang kakulangan ng mga katumbas na salita sa Ingles at Filipino (3.0) ay isa rin sa mga dahilan ng madalas na paggamit ng *code-switching* ng mga mag-aaral. Madalas rin itong gamitin sa pag-uulat (2.90), pagtatalakay ng mga lektura at pagsusulit (2.88), at *oral recitations* (2.60). Subalit, lumabas rin sa resulta ng pag-aaral na may mga pagkakataong minsan lamang ginagamit ang *code-switch* gaya ng pakikipag-debate (2.2) at pagtatanghal (2.18).

Sumasang-ayon ang resulta ng pag-aaral na ito sa mga natuklasan ni [27] Roxas (2019), kung saan napag-alamang ang mga mag-aaral ay madalas gumamit ng *code-switching* dahil sa kakulangan sa tamang mga salita na maaaring gamitin sa pagsasalita. Ang paggamit ng *code-switching* ay maaaring magdulot ng pagpapalawak ng kasanayan sa dalawang wika at nakatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa sa mga paksa sa paaralan. Nagpapakita rin ng pagkakatulad ang pag-aaral ni [1] Arceo at Cruz et al., (2013), ayon sa kaniya, pinakamadalas gamitin ang *code-switching* sa paaralan na may limampu't tatlong bahagdan (53%) mula sa kabuuang isang daang (100) sagot ng mga tagatugon. Ayon sa mga kalahok, ang hirap sa pag-intindi ng mga salitang Filipino ang nagiging dahilan upang maging opsiyon ang madalas na paggamit ng *code-switching*, lalo na sa pagpapaliwanag ng mga malalalim na salita.

### 3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng paggamit ng *code-switching* kung ang mga datos ay hahatiin batay sa:

#### a. Majors

Isinagawa ang *Mann-Whitney U test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa wika batay sa kanilang mga *major*. Ang *non-parametric* na pagsusuring ito ay angkop kapag hindi natutugunan ang mga pangangailangan ng uri ng datos at normalidad ng datos na kinakailangan para sa isang *independent samples t-test*.

#### Talahanayan 5

Makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika batay sa kanilang *major*.

Variable	Mean Rank	P-value	Decision	Interpretation
Filipino	21.68	0.481	Accept Null hypothesis	Not Significant
Ingles	19.33			

Ipinakita ng resulta ng *Mann-Whitney U test* na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga pananaw ng estudyanteng Filipino *major* at *English major* na may *P-Value* na 0.48. Ipinahihiwatig nito na ang *major* ng mga estudyante ay hindi nakakaapekto sa kanilang pananaw hinggil sa paggamit ng *code-switching* sa pag-aaral na ito. Kasalungat sa pag-aaral ni [26] Saquing (2023) na may pamagat na "*Code Switching in Instruction: It's Acceptability Among Pre-Service Teachers in The Philippines*", lumabas sa kaniyang pag-aaral na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng *code switching* kapag pinagpangkat ayon sa larangan

ng espesyalisasyon o *major*. Kapansin-pansin, ang mga *pre-service teacher* ng *Bachelor of Secondary Education* (BSEd) na ang espesyalisasyon ay Ingles ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pagtanggap sa *code switching* kumpara sa mga *pre-service teacher* ng *Bachelor in Elementary Education* (BEEd) na ang espesyalisasyon ay *Generalist at Pre-school Education*, pati na rin sa mga BSEd *pre-service teacher* na ang espesyalisasyon ay *Mathematics*. Ito ay nagpapahiwatig na ang *code-switching* ay mas tinatanggap at kadalasang ginagamit sa larangan ng Ingles.

#### b. Kasarian

Isinagawa ang *Mann-Whitney U test* upang matukoy kung makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika batay sa kanilang kasarian. Ang *non-parametric* na pagsusuring ito ay angkop kapag hindi natutugunan ang mga rekisito ng uri ng datos at normalidad ng datos na kinakailangan para sa isang *independent samples t-test*.

#### Talahanayan 6

Makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika batay sa kasarian

<i>Variable</i>	<i>Mean Rank</i>	<i>P-value</i>	<i>Decision</i>	<i>Interpretation</i>
Lalake	20.23	0.92	Accept Null hypothesis	Not Significant
Babae	20.60			

Ipinakita ng resulta ng *Mann-Whitney U test* na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wika sa pagitan ng mga estudyanteng lalaki at babae ( $p = 0.920$ ). Ipinahihiwatig nito na ang kasarian ay hindi nakakaapekto sa pananaw ng mga estudyante hinggil sa paggamit ng *code-switching* sa pag-aaral na ito.

Ang mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay naaayon sa resulta ng pananaliksik na "*Code-Switching in Second Language Teaching of English: Does it Matter?*" ni [31] Alic (2022), na nagpakita na ang kasarian ay hindi makabuluhang nakakaapekto sa pananaw ng mga mag-aaral sa *code-switching*. Walang makabuluhang pagkakaiba sa mga puntos para sa mga lalaki ( $M=2.35$ ,  $SD=0.23$ ) at mga babae ( $M=2.27$ ,  $SD=0.31$ ), kaya ang resulta ay nag-aangkin na ang mga mag-aaral ay pantay na gumagamit ng *code-switching*, at walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw batay sa kanilang kasarian.

#### 4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa dalas ng paggamit ng *code-switching* kung ang mga datos ay hahatiin batay sa:

##### a. Majors

Isinagawa ang *Mann-Whitney U test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa dalas ng paggamit ng *code-switching* sa pagitan ng mga Filipino at *English major*. Pinili ang *non-parametric* na pagsusuring ito dahil hindi nito kinakailangan ang mga palagay ng normal na distribusyon at pantay na *variance*, na maaaring hindi natutugunan sa kontekstong ito.

#### Talahanayan 8

Makabuluhang pagkakaiba sa dalas ng paggamit ng *code-switching* ng mga mag-aaral batay sa kanilang major.

<i>Variable</i>	<i>Mean Rank</i>	<i>P-value</i>	<i>Decision</i>	<i>Interpretation</i>
Filipino	19.10	0.481	Accept Null hypothesis	Not Significant
Ingles	21.90			

Ipinakita ng resulta ng *Mann-Whitney U test* na walang makabuluhang pagkakaiba sa dalas ng paggamit ng *code-switching* sa pagitan ng Filipino at *English major* ( $p = 0.424$ ). Ipinapakita nito na ang kurso ng estudyante ay hindi nakakaapekto sa dalas ng paggamit ng *code-switching* sa pag-aaral na ito.

Taliwas sa kasalukuyang resulta ng pag-aaral na ito ang resulta ng pag-aaral nina [32] Deidre et al. (2013), ayon sa kanila ang mga mag-aaral mula sa mga kurso na hindi nakatutok sa Ingles ay mas madalas na gumamit ng *code-switching* dahil sa limitadong kasanayan sa pangalawang wika. Ipinapahiwatig nito na maaaring maapektuhan ng uri ng kurso o *major* ang dalas ng paggamit ng *code-switching* batay sa mga kinakailangan sa kasanayan sa wika.

#### b. Kasarian

Isinagawa ang *Mann-Whitney U test* upang alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa dalas ng paggamit ng *code-switching* sa pagitan ng mga estudyanteng lalaki at babae. Pinili ang *non-parametric* na pagsusuri na ito dahil hindi nito kinakailangan ang mga kondisyon ng *normal* na distribusyon at uri ng datos, na maaaring hindi akma o natutugunan sa kasalukuyang sitwasyon ng pag-aaral na ito.

**Talahanayan 9.** Makabuluhang Pagkakaiba sa Pananaw ng mga Mag-aaral sa Espesyalisasyon sa Wika Batay sa Kasarian

<i>Variable</i>	<i>Mean Rank</i>	<i>P-value</i>	<i>Decision</i>	<i>Interpretation</i>
Lalake	20.09	0.886	<i>Accept Null</i>	<i>Not Significant</i>
Babae	20.66		<i>Hypothesis</i>	

Ipinakita ng resulta ng *Mann-Whitney U test* na walang makabuluhang pagkakaiba sa dalas ng paggamit ng *code-switching* sa pagitan ng mga estudyanteng lalaki at babae ( $p = 0.886$ ). Ipinahihiwatig nito na ang kasarian ay hindi nakakaapekto sa dalas ng paggamit ng *code-switching* sa pag-aaral na ito.

Sumasang-ayon ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral na ito sa mga natuklasan sa pag-aaral ni [31] Alic (2022), makikita sa kaniyang pag-aaral ang mataas na dalas ng paggamit ng *code-switching* sa mga kalahok, anuman ang kanilang kasarian. Ayon sa kaniya, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba ay maaaring maiugnay sa parehong impluwensiya ng kapaligirang pang-instruksiyon. Ang mga mag-aaral, anuman ang kanilang kasarian, ay nalalantad sa parehong paraan ng paggamit ng *code-switching* bilang natural na estratehiya sa komunikasyon.

Taliwas naman sa kasalukuyang resulta ng pag-aaral na ito ang resulta ng pag-aaral ni [33] Huang (2020), napatunayan sa kaniyang pag-aaral ang pagkakaroon ng pagkakaiba sa kasarian sa *code-switching* ng mga batang bilingual sa Mandarin at Ingles, kung saan mas madalas mag *code-switch* ang mga lalaki kaysa sa mga babae.

## VII. KONKLUSYON

Batay sa mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral, lumitaw na ang mga estudyante ng nagpapakadalubhasa sa wika sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao ay may positibong pananaw sa paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso, na itinuturing nilang epektibo sa pagpapahusay ng komunikasyon at kasanayan sa wika. Nakakatulong din ito sa pagpapahayag ng mga ideya at hindi nila ito itinuturing na hadlang sa edukasyon o sa pag-aaral ng pangalawang wika.

Bukod dito, lumabas rin sa pag-aaral na ang paggamit ng *code-switching* sa akademikong diskurso ng mga estudyante ay madalas. Ang mga mag-aaral ay gumagamit ng *code-switching* sa iba't ibang konteksto ng kanilang akademikong buhay, tulad ng pakikipag-usap sa mga kaklase, pagpapaliwanag ng mga paksa, at paggawa ng pangkatang gawain. Ayon sa mga resulta, ang madalas na paggamit ng *code-switching* ay maaaring dulot ng kakulangan ng mga katumbas na salita sa Filipino at Ingles at ng likas na daloy ng komunikasyon sa mga gawaing tulad ng pag-uulat at oral recitations.

Kaugnay nito, sa batayang teoretikal, napatunayan ng mga mananaliksik na may kaugnayan ang *Communication Accommodation Theory* at *Second Language Acquisition Theory* sa pagpapaliwanag ng ganitong kalakaran. Ayon sa mga teoryang ito, ang paggamit ng *code-switching* ay hindi lamang isang estratehiya sa pakikipagkomunikasyon kundi isang natural na bahagi ng proseso ng pagkatuto ng wika, na tumutulong sa mga mag-aaral upang maging mas epektibo sa akademikong diskurso (Gumperz, 1982; Myers-Scotton, 1993).

Higit pa rito, ipinakita ng mga resulta ng *Mann-Whitney U test* na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw at dalas ng paggamit ng *code-switching* batay sa *major* ng mga estudyante (*Filipino major* o *English major*) at kasarian (lalaki at babae). Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral, anuman ang kanilang *major* o kasarian, ay gumagamit ng *code-switching* sa parehong antas at may parehong pananaw tungkol dito. Ang mga

natuklasang ito ay nagpapakita na ang *code-switching* ay isang natural na bahagi ng kanilang akademikong pagsasanay at edukasyon sa wika. Ang mga mag-aaral ay tila gumagamit ng *code-switching* nang hindi iniisip ang mga hadlang batay sa kanilang *major* o kasarian, na nagpapakita ng *flexibility* at *adaptability* sa kanilang komunikasyon.

Sa ganitong konteksto, ang *code-switching* ay isang epektibong kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon sa akademikong diskurso. Higit pa rito, ito ay may mahalagang papel sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao, at maaaring ituring na isang mahalagang bahagi ng kanilang akademikong karanasan.

### SANGGUNIAN:

- [1] Arceo, M.R., Cruz, C.H., Cruz, E.N., Ragil, S.P., at Salinas, B.J. (2013). *Paggamit Ng Code-Switching Sa Pakikipagkomunikasyon ng mga Piling Mag-aaral sa Mary and Jesus School, Inc*, Bustos, Bulacan. <https://123dok.com/document/z1rw238q-paggamit-switching-pakikipagkomunikasyon-piling-jesus-school-bustos-bulacan.html>
- [2] Hamid, S. M. (2016). *Code-switching between the teachers and the students of the conversation*. Hamid / EXPOSURE: JURNAL PENDIDIKAN BAHASA INGGRIS. Retrieved from <https://doi.org/10.26618/exposure.v5i2.846>
- [3] Estrellanes, J. M. (2018). *Lawak ng Paggamit ng Code-switching ng mga Mag-aaral sa Diskors sa Talakayan sa Pangalawang Wika*. Ateneo de Ilo-ilo. Retrieved from [https://www.academia.edu/36541097/LAWAK\\_NG\\_PAGGAMIT\\_NG\\_CODE\\_SWITCHING\\_NG\\_MG\\_A\\_MAG\\_AARAL\\_SA\\_DISKORS\\_SA\\_TALAKAYAN\\_SA\\_PANGALAWANG\\_WIKA](https://www.academia.edu/36541097/LAWAK_NG_PAGGAMIT_NG_CODE_SWITCHING_NG_MG_A_MAG_AARAL_SA_DISKORS_SA_TALAKAYAN_SA_PANGALAWANG_WIKA)
- [4] Tupas, R. & Lorente, B. (2014). *A 'New' Politics of Language in the Philippines: Bilingual Education and the New Challenge of the Mother Tongues*. [https://doi.org/10.1057/9781137455536\\_9](https://doi.org/10.1057/9781137455536_9).
- [5] Saavedra, A. (2020). An exploration on the expressive skills among elementary-grade learners: A bedrock for the development t of computer-assisted teaching strategies. *Turkish Journal of Computer and Mathematics Education (TURCOMAT)* 11 (3)
- [6] Saavedra, A. & Karanain, F. (2022). Learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction. *Journal of Language and Linguistics* 10 (1), 40-46
- [7] Dela Rosa, R. (2022). *Discourse Matrix in Filipino- English Code-Switching: Students' Attitudes and Feelings*. [www.academia.edu](https://www.academia.edu). [https://www.academia.edu/71481300/Discourse\\_Matrix\\_in\\_Filipino\\_English\\_Code\\_Switching\\_Students\\_Attitudes\\_and\\_Feelings](https://www.academia.edu/71481300/Discourse_Matrix_in_Filipino_English_Code_Switching_Students_Attitudes_and_Feelings)
- [8] Rusmawaty, D. (2018, June 25). *Investigating the Types of Code Switching in Language Teaching Instruction in EFL Class of SMA I Negeri Samarinda*. Rusmawaty | CaLLs: Journal of Culture, Arts, Literature, and Linguistics. <https://e-journals.unmul.ac.id/index.php/CALLS/article/view/1284/1136>
- [9] Lainatussyifah, D. (2022). *The Impact of Using Code-switching on Teaching and Learning Effectiveness in Bilingual Class* (Research Thesis). Fakultas Tarbiyah dan Keguruan. <https://repository.ar-raniry.ac.id/id/eprint/25674/1/Dara%20Lainatussyifah,%20180203046,%20FTK,%20PBI.pd>
- [10] Saavedra, A. (2020). Teachers' preference on the local policy implementation of the mother tongue based-multilingual education: An assessment. *Asian EFL* 27 (2.2), 217-238
- [11] Basumatary, D. (2014). *Ferdinand de Saussure and Structuralist Theory: A brief illustration*. [https://www.academia.edu/3437742/Ferdinand\\_De\\_Saussure\\_and\\_Structuralist\\_Theory\\_A\\_Brief\\_Illustration](https://www.academia.edu/3437742/Ferdinand_De_Saussure_and_Structuralist_Theory_A_Brief_Illustration)
- [12] Gordon, M. (2014, June 30). William Labov. Oxford Bibliographies Online Datasets. <https://doi.org/10.1093/obo/9780199772810-0195>
- [13] Saavedra, A. (2018). Technology engagement and writing skill: an analysis among elementary-grade filipino learners. *Webology* (ISSN: 1735-188X) 15 (1)
- [14] Ki. (2020, September 11). Bakit bansang multilinggwal ang Pilipinas? – paliwanag. *PhilNews*. <https://philnews.ph/2020/09/11/bakit-bansang-multilinggwal-ang-pilipinas-paliwanag/>
- [15] Pontillas, M., Agna, A., Molina, C., & Ignacio, J. (2022). *Exploring codeswitching occurrences in an online English language learning in a state college, Philippines*. *Journal of Education Management and Development Studies*, 2(3), 37–46. <https://doi.org/10.52631/jemds.v2i3.123>
- [16] Ramos, E. R. (2022, September 12). Taglish: The art of switching languages in a conversation. *Your Guide to the Big City*. <https://villagepipol.com/taglish-the-art-of-switching-languages-in-a-conversation/>
- [17] Saavedra, A., Alejandro, WD., & Espinosa, R. (2022). Self-perceived Research Competence among Social Sciences Students: An Investigative Survey during the COVID-19 Pandemic. *International Journal of Health Sciences*, 4211-4221



- [18] Hutaurok, B. (2016). *Code switching in Bilingual Classes: A Case Study of Three Lecturers at Bunda Mulia University*. Journal of English Teaching as a Foreign Language, 1(2459–9506). <https://repository.uhn.ac.id/bitstream/handle/123456789/1322/code%20switching.pdf?sequence=1&isAllowed=y>
- [19] Sakaria, S., & Priyana, J. (2018). *Code-Switching: a pedagogical strategy in bilingual classrooms*. American Journal of Educational Research, 6(3), 175–180. <https://doi.org/10.12691/education-6-3-3>
- [20] Parama, K. S., Kreiner, D. S., Stark, K. S., & Schuetz, S. A. (2017, March 1). *Monolingual and bilingual perceptions of code-switching: a difference in cognition but not competence*. | EBSCOhost. [https://openurl.ebsco.com/EPDB%3Agcd%3A15%3A7757311/detailv2?sid=ebsco%3Aplink%3Ascholar&id=ebsco%3Agcd%3A121295330&crl=c&link\\_origin=scholar.google.com](https://openurl.ebsco.com/EPDB%3Agcd%3A15%3A7757311/detailv2?sid=ebsco%3Aplink%3Ascholar&id=ebsco%3Agcd%3A121295330&crl=c&link_origin=scholar.google.com)
- [21] Valerio, M. T. B. (2015). *Filipino – English Code-Switching Attitudes and Practices and Their Relationship to English Academic Performance among Freshman Students of Quirino State University*. International Journal of English Language Teaching, 2(1). <https://doi.org/10.5430/ijelt.v2n1p76>
- [22] Samkowski, A. (2023). *Philippines Language History: Exploring cultural and linguistic heritage*. The Word Point. <https://thewordpoint.com/blog/philippines-language-history-exploring-cultural-and-linguistic-heritage>
- [23] Bravo-Sotelo, K. P. (2020). *Exploring the Tagalog-English Code-Switching types used for mathematics classroom instruction*. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1245827>
- [24] Mangila, B. Baguio. (2018). *Pedagogic Code-Switching: A case study of the language practices of Filipino teachers in English language classrooms*. English Language Teaching Educational Journal, 1(2621–6485), 128–129. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1288199>
- [25] Nurhamidah, N. N., Fauziati, E., & Supriyadi, S. (2018). *Code-switching In Efl Classroom: Is It Good or Bad?* (Journal of English Education), 3(2), 78–88. <https://doi.org/10.31327/jee.v3i2.861>
- [26] Saquing, J. B. (2023). *Code Switching in Instruction: It's Acceptability Among Pre-Service Teachers in The Philippines*. Journal for Educators, Teachers and Trainers, 14 (3) (1989 – 9572), 182. <https://dialnet.unirioja.es/servlet/articulo?codigo=8947648>
- [27] Roxas, M. J. D. (2018, March 24). *Factors, Forms and Functions: An analysis of senior high school students' Filipino-English code-switching behavior*. [https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract\\_id=3584231](https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3584231)
- [28] Tupas, R. & Lorente, B. (2014). *A 'New' Politics of Language in the Philippines: Bilingual Education and the New Challenge of the Mother Tongues*. [https://doi.org/10.1057/9781137455536\\_9](https://doi.org/10.1057/9781137455536_9)
- [29] Rhalmi, M. (2023, May 31). *The Inspiring Impact of Krashen's Theory Of Second Language Acquisition: 5 Key Hypothesis*. My English Pages. <https://www.myenglishpages.com/blog/krashens-theory-of-second-language-acquisition/>
- [30] Ali, E. H. F., Ahmed, F. E. Y., Ahmed, Z. a. D., Eltom, S. O., Abdallah, N. M. M., & Zaeid, H. F. (2024). *Sudanese students' perceptions of code switching in English language classes*. Journal of Language Teaching and Research, 15(5), 1561–1570. <https://doi.org/10.17507/jltr.1505.17>
- [31] Alic, T. A. (2022). *Code-Switching in Second Language Teaching of English: Does it Matter?* | MAP Education and Humanities. MAP Education and Humanities - Journal. <https://mapub.org/mapeh/2-1/code-switching-in-second-language-teaching-of-english-does-it-matter/>
- [32] Deidre, D., Philip, A., Zainatul, A., Hasrie, H., Abdullah, I., Som, F., Ramlah, N., Izzah, N., Binti, S., & Said, N. (n.d.). *Code-switching and Malaysian University Students in Learning Comprehension*. [https://oer.ums.edu.my/bitstream/handle/oer\\_source\\_files/1600/5\\_6183792027566605407.pdf?sequence=1](https://oer.ums.edu.my/bitstream/handle/oer_source_files/1600/5_6183792027566605407.pdf?sequence=1)
- [33] Huang, W., Lyu, W., Lin, J. (2020). *Seeking Gender Difference in Code-Switching by Investigating Mandarin-English Child Bilingual in Singapore*. <http://dx.doi.org/10.20944/preprints202009.0393.v1>